# IMPORTANSIYA SA MGA MANGGAGAWA

Daily Tribune (Philippines) · 19 Jun 2021 · 2

BINIGYAN ng espesyal na konsiderasyon ng mga lokal na pamahalaan ng Quezon City at Valenzuela City ang mga manggagawa nang magtakda ang mga ito ng panggabing COVID-19 vaccination schedule para maproteksiyunan pa rin ang sektor ng paggawa nang hindi naaabala sa kanilang trabaho.

Miyerkules, Hunyo 16, nang ilunsad ang "Bakuna Nights" sa Quezon at Valenzuela, na nagsimula ng 6:00 ng gabi at natapos ng 10:00 ng gabi. Naglaan ng sariling vaccination site ang dalawang siyudad kung saan didiretso ang mga nais mabakunahan kontra COVID-19 pagkagaling sa trabaho.

Sa Quezon City Hall grounds ginawa ang pagbabakuna sa mga manggagawa ng siyudad, habang sa Pasolo Elementary School naman ang sa Valenzuela. Bukas ang mga nabanggit na lugar hanggang sa Sabado, depende sa supply ng bakuna, habang dadagdagan pa nila ang mga paggabing vaccination centers sa susunod na linggo.

Sa tulong ng tinaguriang night shift na pagbabakuna, hindi na kailangan pang mag-absent o mag-leave sa trabaho ng mga empleyado, na higit kanino man ay kailangang mabigyan ng proteksiyon laban sa coronavirus upang walang maging hadlang sa araw-araw nilang pagsisikap na kumita ng pera.

Kung mayroon mang pinakamatinding napuruhan sa pandemyang dulot ng COVID-19, iyon ay ang sektor ng paggawa — ang isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng nakokolektang buwis sa bansa.

Sa pagsasara — pansamantala o permanente — ng maraming negosyo, milyun-milyon sa kanila ang nawalan ng pagkakakitaan. Nakakuha man ng ayudang pinansiyal, kakarampot lamang ito kumpara sa dambuhalang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Sa kasagsagan ng pandemya noong ikalawang quarter ng 2020, ang masusuwerteng mayroon pa ring hanapbuhay — silang tinaguriang economic frontliners — ay buwis-buhay na pumasok sa trabaho, sumugal sa kabila ng hindi birong banta ng bago at hindi pa nauunawaang coronavirus, sa kabila ng kawalan ng masasakyan, kahit pa magbisikleta o maglakad na lang.

Iilan lamang sila pero napanatili nila, kahit papaano, ang normalidad sa ating mga buhay noong kasagsagan ng pandemya. Sila ang mga nasa ospital, palengke, supermarkets, restaurants, bangko, media, habang karamihan sa atin ay nananatiling ligtas sa bahay upang makaiwas sa COVID-19.

Kaya naman nang ialok ang libreng bakuna sa publiko, kabilang ang mga manggagawa sa mga nagbunyi; handa na ang matagal na nilang hinihintay na proteksiyon para makapaghanapbuhay sila nang walang pangamba o takot na magkasakit.

Gayunman, ikaapat pa sila sa mga grupong prayoridad bakunahan, at ngayong buwan pa lamang sila nagsimulang maturukan kontra COVID-19, kaya naman napakalaking tulong sa kanila ang night shift vaccination schedule na alok ng Quezon City at Valenzuela.

Sana ay magkaroon din ng parehong inisyatibo ang iba pang mga lokal na pamahalaan upang matiyak na mababakunahan kontra COVID-19 ang lahat ng manggagawang nangangailangan nito.

Ito ang mga panahong kailangan ng lahat ng manggagawa ang anumang espesyal na konsiderasyong makakatulong sa kanila matapos ang mahigit isang taon ng mga pagdurusang naranasan nila dahil sa pandemya. Bakit? Dahil kung may karapat-dapat mang maproteksiyunan laban sa COVID-19, iyon ay ang ating magigiting at dakilang manggagawa.